



**NAETISL**

National Association of  
Educational Translators and  
Interpreters of Spoken Languages



**MODDC**

Missouri  
Developmental  
Disabilities Council

## Pag-unawa sa Mga Responsabilidad sa Kaligtasan ng Paaralan: Isang Gabay ng Magulang

---

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling \$1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.



[naetisl@gmail.com](mailto:naetisl@gmail.com)

NAETISL



*Follow us*



MODDC



[moddc@moddcouncil.org](mailto:moddc@moddcouncil.org)



[www.naetisl.org](http://www.naetisl.org)

[www.moddcouncil.org](http://www.moddcouncil.org)



## Pag-unawa sa Mga Responsabilidad sa Kaligtasan ng Paaralan: Isang Gabay ng Magulang

---

### Anong legal at etikal na obligasyon ang mayroon ang mga paaralan tungkol sa kaligtasan ng mag-aaral?

Dapat protektahan ng mga paaralan ang mga mag-aaral mula sa parehong pisikal at sikolohikal na panganib. Ang mga responsabilidad na ito ay batay sa mga batas ng pederal at estado, pati na rin sa mga pinakamahusay na kasanayan sa edukasyon at kapakanan ng mag-aaral.

### Ano ang dapat gawin ng paaralan upang matiyak ang pisikal na kaligtasan?

- Magbigay ng isang ligtas na kapaligiran. Dapat tiyakin ng mga paaralan na ang mga gusali, silid-aralan, palaruan, at transportasyon ay:
  - Ligtas at mahusay na pinananatili
  - Walang mga panganib (hal., sunog, elektrikal, o panganib sa istruktura)
  - Sumusunod sa mga code ng kaligtasan at mga pamamaraan sa emerhensiya
- Protektahan ang mga mag-aaral mula sa pisikal na pinsala. Ang kawani ay dapat:
  - Pangangasiwaan ang mga mag-aaral nang wasto
  - Awatin ang mga laban o hindi ligtas na pag-uugali
  - Tumugon sa mga banta (hal., armas o mapanganib na bagay)
  - Sundin ang mga protocol para sa mga pinsala, sakit, at emerhensiya
  - Sundin ang mga protocol para sa mga nasaktan, sakit, at emerhensiya



- Maging handa para sa mga emerhensiya. Ang mga paaralan ay dapat:
  - Magkaroon ng mga plano sa kaligtasan para sa sunog, emerhensiya sa panahon, pag-lockdown, at aktibong banta
  - Magsagawa ng regular na pagsasanay at pagsasanay ng mga kawani
  - Ipaalam ang mga pamamaraan ng emerhensiya sa mga pamilya

### **Ano ang dapat gawin ng paaralan upang matiyak ang sikolohikal at emosyonal na kaligtasan?**

- Pigilan ang pang-aapi at panliligalig. Sa ilalim ng batas ng pederal (kabilang ang Pamagat IX at Seksyon 504), ang mga paaralan ay dapat:
  - Magsiyasat at tugunan ang pang-aapi, kabilang ang cyberbullying
  - Protektahan ang mga mag-aaral mula sa panliligalig batay sa lahi, kasarian, kapansanan, o iba pang mga salik
  - Ipatupad ang mga patakaran na laban sa pang-aabuso at magbigay ng suporta sa mga biktima
- Magbigay ng suporta sa kalusugan ng isip. Ang mga paaralan ay dapat:
  - Gumamit o magkaroon ng access sa mga tagapayo, sikolohista, o mga social worker
  - Magbigay ng mga referral sa kalusugan ng kaisipan at interbensyon sa mga krisis
  - Mag-alok ng akomodasyon para sa mga mag-aaral na may kapansanan sa emosyon





- Itaguyod ang positibong klima sa paaralan. Hinihikayat ang mga paaralan na:
  - Palawakin ang paggalang, pagsasama, at pagtugon sa kultura
  - Gumamit ng positibong interbensyon at suporta sa pag-uugali (PBIS)

Ipatupad ang mga programa sa panlipunan-emosyonal na pag-aaral (SEL)

### **Kailangan ba ng mga estudyanteng may kapansanan ang karagdagang hakbang para sa kaligtasan?**

Maaaring kailanganin ng ilang mga mag-aaral ng karagdagang suporta sa kaligtasan dahil sa mga isyu sa pagkilos, pag-intindi, at iba pang mga isyu. Ang mga hakbang na ito ay dapat talakayin at idokumento sa IEP. Halimbawa, maaaring kailanganin ng isang mag-aaral ang pangangasiwa ng isang nasa hustong gulang sa labas ng silid-aralan, o dagdag na pagtuturo para manatiling ligtas sa komunidad.

### **Ano ang maaaring asahan o hilingin ng mga magulang?**

- Malinaw na mga patakaran laban sa pang-aapi at sa pagdidisiplina
- Mabilis na tugon sa mga alalahanin sa kaligtasan
- Paglahok sa pagpapalano ng pag-uugali o kaligtasan para sa kanilang anak
- Malayang komunikasyon habang nangyayari ang, at pagkatapos ng, mga insidente
- Akomodasyon ng mga batang may trauma, pagkabalisa, o mga pangangailangan sa pag-uugali





## Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kung mayroon silang pag-aalala sa kaligtasan?

Ang mga magulang ay may karapatang:

- Humiling ng pagpupulong sa mga administrador ng paaralan
- Mag-file ng reklamo sa ahensya ng edukasyon ng distrito o estado
- Humingi ng pagtataguyod o legal na suporta kung kinakailangan

## Ano ang mga legal na pundasyon ng kaligtasan sa paaralan?

- Pamagat IX (1972): Pumoprotekta laban sa panliligalig o diskriminasyon na batay sa kasarian sa mga paaralan
- Seksyon 504 at Batas para sa Mga Amerikano na may Kapansanan: Protektahan ang mga mag-aaral na may kapansanan mula sa diskriminasyon at tiyakin na mayroong mga makatwirang akomodasyon
- Batas sa Edukasyon para sa mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA): Mandato sa mga paaralan ang matugunan ang mga pag-uugali na nakakagambala sa pagtututo ng mga mag-aaral na may mga kapansanan
- Mga batas sa pang-aabuso sa bata ng estado: Gawing mandato sa mga kawani ng paaralan na iulat ang mga pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya
- Batas sa kaso: Inilalahad ng mga korte na maaaring managot ang mga paaralan kung sadyang hindi sila nagmalasakit sa mga kilalang banta laban sa kaligtasan





## Paano makakakuha ng tulong sa kanilang wika ang mga magulang?

Humiling ng mga serbisyo ng interpreter sa paaralan ng iyong anak o sa tanggapan ng distrito ng paaralan. Humiling ng isinalin na nakasulat na impormasyon kung kailangan. Ang impormasyong nagagamit ng lahat ng mga magulang sa distrito ng paaralan ay dapat nagagamit mo din.

